# Balitang Manmin

BILANG 139 SETYEMBRE 6, 2015


# Binuhay ng Pag-ibig ng Panginoon ang Israel!

## Ang Ministeryo sa Israel – Salita, Kapangyarihan, Pananampalataya, at Pag-ibig




Nagsimula ang ebanghelyo sa Israel, pero hindi naniniwala ang mga Judio na si Jesus ang Tagapagligtas. Pinatunayan ni Dr. Jaerock Lee ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at kay Jesu-Cristo sa pamamagitan ng salita ng buhay at pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Magmula noon, lumago ang mga iglesya sa Israel at nagbubunga ng masagana.

Kilala ng mga miyembro ng Manmin ang bansang Israel. Hindi lang dahil ipinanganak ang Panginoon sa bansang ito kundi dahil patuloy na nagpapadala ng mga patotoo ang mga pastor na Israelita at mga mananampalataya. Sinasabi nila na muli silang pinasigla ng salita ng buhay na ipinapangaral ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at ng mga nararanasan nilang kapangyarihan ng Diyos.

Magmula noong taong 2011, inaanyayahan na ng mga pastor sa Israel si Rev. Soojin Lee para mamuno sa seminar para sa mga pastor. Iniimbitahan din nila ang mga tagapagtanghal ng Manmin sa kanilang pagdiriwang at pagpupuri. Napakaganda ng pagtatanghal na ipinapakita nila.

Bukod dito, pumupunta ang mga pastor at manggagawa ng Israel sa iglesya sa Seoul tuwing may mga okasyon tulad ng anibersaryo at retreat sa tag-init para matutuhan ang ministeryo ng Manmin.

Ang kuneksyon sa pagitan ng Manmin at Israel ay nagsimula noong pagbubukas pa lang ng iglesya. Noong Hulyo 25, 1982, pagkatapos ng kauna-unahang pagsamba, sinabi ng detalyado ng Diyos sa mga miyembro na gigisingin at papasiglahin ng iglesya ang Israel sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo, misyong pangdaigdigan, at pagtatayo ng malaking santuwaryo habang papalapit ang muling pagbabalik ng Panginoon.

Hindi masukat ang pananalanging ginawa ng Manmin para sa ministeryo sa Israel. Noong Hulyo 25, 2007, isinagawa ni Dr. Lee ang kauna-unahang pagpupulong sa Nazareth kung saan lumaki si Jesus. Nakakamangha!

Sa loob ng tatlong taon, nakalabindalawang pagbisita siya – sa Haifa, Ashdod, Bethlehem, Jerusalem, Ashkelon, Beersheba, Eilat, Tel Aviv, at Nahariya. Naka-ikot na siya sa buong Israel. Nakapagdaos siya ng 24 na pagpupulong, at tatlong seminar para sa mga pastor, at nagsagawa na ng mahigit sa sampung pagpupulong sa mga pastor at mga lider ng Israel. Inihatid niya ang pag-ibig ng Diyos sa kanila.

Higit sa lahat, naipapahayag ang kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha saan man magpunta si Dr. Lee. Dahil sa panalangin niya, gumagaling ang mga tao mula sa mga sakit na hindi nagagamot tulad ng kanser, sakit sa puso, epilepsy, diabetes, at depresyon. May mga nakakalaya sa pagiging sugapa sa bawal na gamot at ang iba naman ay binibiyayaan ng pagbubuntis. Naipahayag ang ebanghelyo ng Panginoon at naibalita sa buong Israel ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Nakaabot ang mabuting balita sa mga matataas na opisyal at mga konserbatibong Judio.

Ang Saligang Batas ng Israel ay nagtatanggol sa malayang pagsamba, pero karamihan sa kanila ay mga Judio. Noong kauna-unahang pagbisita sa Israel ni Dr. Lee at ng grupong pang-misyon kakaunti ang mga Judiong naniniwala sa Mesyas. Natatakot silang ipakita at ipahayag ito sa publiko. Nagdadalawang-isip pati ang mga pastor tungkol sa ministeryo nila, tinatanong nila kung kalooban ng Diyos na maglingkod sila sa Israel. Bumisita si Dr. Lee sa maraming lugar sa Israel para palakasin ang loob nila. Ipinakita niya sa kanila ang kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos. Pinalakas at hinaplos ng tapat na pag-ibig niya ang mga puso nila. Ito ay ministeryo na wala pang ni isang pastor sa mundo ang nakaisip.

Dahil kay Dr. Lee, natanto ng mga pastor at mga mananampalataya sa Israel ang pag-ibig ng Panginoon, nagkaroon sila ng panibagong lakas. Nagkaisa sila, binuo nila ang Crystal Forum (samahan ng mga Pastor sa Israel). Pinaghandaan nila ang krusada ng pagkakaisa noong taong 2009, at inanyayahan si Dr. Lee bilang tagapagsalita. Idinaos ang krusada sa International Convention Center ng Jerusalem, nagkaroon ito ng kamangha-manghang bunga. Naibrodkast ito sa buong mundo ng 22 brodkaster. Matapang na ipinangaral ni Dr. Lee kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin. Malinaw sa isipan ng mga mga dumalo sa ICC at mga manonood ang matapang na pangangaral niya at ang kapangyarihan ng Diyos na ipinakita sa pamamagitan niya.

Sa kasalukuyan, mayroong labindalawang sangay at dalawampung katuwang na iglesya ang Manmin sa Israel. Naranasan na ng mga miyembro ang maraming makapangyarihang pagpapagaling at mga kasagutan sa pamamagitan ng panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Bukod dito, lumalago ang buhay espirituwal ng mga miyembro dahil sa mga sermon ni Dr. Lee na ipinapalabas sa CMTN, TBN Russia, CNL, Holy God TV, at Rodnoy. Malaking tulong din ang ministeryo ng paglalathala niya ng mga libro tulad ng *Ang Mensahe ng Krus*, at *Awaken, Israel* na inilathala sa wikang Ingles, Ruso, Hebreo, at Arabic; at sa pamamagitan din ng *Balitang Manmin*. Aktibo sa pagoorganisa ng iba't ibang okasyon ang Crystal Forum tulad ng Crystal Music Festival. Muling sumigla ang mga iglesya sa Israel.

Ang ministeryong ito ay kalooban din ng Diyos para sa pagtatapos ng panahon. Magpahanggang ngayon kumikilos ang Banal na Espiritu para muling sumigla ang Israel. Ang walang hanggang pag-ibig Niya ay nagpapakita ng pagtitiis Niya sa paghihintay, hindi lang para sa Israel, kundi sa buong sangkatauhan.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Kundi ang lupaing maburol ay magiging iyo. Bagaman isang gubat, ito ay mahahawan ninyo at maaangkin hanggang sa kanyang pinakadulong hangganan; Mapapalayas mo ang mga Cananeo, bagaman sila'y may karwaheng bakal, at bagaman sila'y malalakas." (Joshua 17:18)

# Ito ay Magiging Iyo

Sinakop ng mga anak ni Israel ang gitnang bahagi ng Canaan kasama na ang mga lunsod ng Jerico at Ai. Naging matagumpay din sila sa katimugan at kahilagaang bahagi. Kahit hindi nila pinalayas ang mga Cananeo, halos lahat ng bahagi ng Canaan ay sumailalim sa kapangyarihan ng Israel.

Nasakop ni Josue ang mga lunsod, pero hindi pa niya lubos na napapagtagumpayan ang lahat ng lupain ng Canaan. May mga lugar kung saan hindi pa napapalayas ang mga Cananeo. Oras na para paghatihatian at ipamahagi ang Canaan sa lahat ng tribo ng Israel. Lilipulin o palalayasin ng bawat isang tribo ang mga natitirang tao mula sa mga lupain na ibinigay sa kanila para maangkin ang lupa. Dapat silang kumilos nang may pananampalataya.

### 1. Tatanggapin ng siyam at kalahating tribo ang pamana sa Canaan

Humarap sa Diyos ang bawat isang tribo ng Israel para tanggapin ang lupain sa kanluran ng Ilog ng Jordan bilang pamana. Pero may ilang hindi napasama.

Una, nakuha na ni Ruben, Gad, at kalahati ng Manasseh, ang pamana sa kanila bago pa tawirin ang Jordan. Ang mga lupain sa silangang bahagi ng Jordan ay nababagay sa pangangalaga ng bakahan. Hiniling nila kay Moises ang lupain.

Ang tribo ng Levita ay walang tinanggap na pamana dahil sila ay mga lingkod ng Diyos na nagsisilbi sa tabernakulo. Ang tribo ni Jose ay napakamaunlad, tinanggap ng mga inapo ng dalawang anak ni Jose na si Efraim at Manasseh ang kanilang mga pamana.

Kaya, hindi kabilang ang mga Levita, dalawa't kalahating tribo ang tumanggap ng pamana ng mga lupain sa silangang Jordan, at ang siyam at kalahati ay tumanggap sa kanluran ng Jordan. Ibinigay ng Diyos kay Moises ang paraan kung paano nito ipapamahagi ang lupain.

Ang sukat ng lupain na ibibigay sa bawat tribo ay ibabagay sa dami ng tao, pero para mapagdesisyunan kung aling bahagi, magpapalabunutan sila (Mga Bilang 26:54-56). Ito ang pinakapatas na paraan para hindi magkaroon ng awayan ang mga tribo.

### 2. Mga reklamo at pagaalinlangan ng tribo ni Jose

Pero nagkaroon ng problema habang ipinapamahagi at nagbubunutan para sa lupain. Sinabi ng tribo ni Jose na dapat silang tumanggap ng mas malaking pamana kaysa sa ibang tribo dahil naging dalawang tribo sila ayon sa pagpapala ng Diyos (Josue 17:14).

Sa katunayan, malaki ang pamanang ibinigay sa kanila kung ikukumpara sa ibang mga tribo. Ito ay malawak at matabang lupain sa gitnang bahagi ng Canaan. Pero, nagrereklamo pa rin sila, gusto nilang tumanggap ng mas malaki sa pamanang nakuha nila.

Sinabi ni Josue sa kanila, "Kung ikaw ay isang malaking bayan, umahon ka sa gubat, at doon ay magbukas ka ng lupain para sa iyong sarili sa lupain ng mga Perezeo at ng mga Refaim; yamang ang lupaing maburol ng Efraim ay makipot para sa iyo" (Josue 17:15). Sinabi niya sa kanila na kung hindi sapat sa kanila ang lupaing ibinigay sa kanila para pagyamanin, maglinis sila ng gubat para lumaki ang lugar nila.

Pero hindi nakinig ang mga anak ni Jose. Sinabi nila na kahit linisin nila ang kagubatan maliit pa rin ang pamana para sa kanila. Humingi sila ng mataba at magandang lupa.

Gusto nilang magkaroon ng mas malaki nang hindi pagpapaguran. Gusto nilang mapagsilbihan dahil makapangyarihang tribo na sila ngayon. Bukod dito, ipinakita nila ang kawalan nila ng pananampalataya dahil sinabi nilang may mga karwaheng bakal ang mga taong lalabanan nila (Josue 17:16).

Ang pagtatagumpay nila sa pamumuno ni Josue ay magkakasunod na himala. Sumunod sila sa lahat ng mapanganib na situwasyon, pero bigla silang natakot at nawalan ng pagtitiwala nang sabihin sa kanila ni Josue na bahala na silang sumakop ng lupaing mamanahin nila.

Hiniling sa kanila ni Josue na magpakita ng pananampalataya, sinabi din niya sa kanila ang mga mali nilang ideya. Ipinayo niya sa kanila na kung magpapakita sila ng pananampalataya, mapapalaki ng mga ito ang lupaing minana sa biyaya ng Diyos (Josue 17:17-18).

Pero hindi sumunod kay Josue ang mga anak ni Jose. Hindi nila nagawang palayasin lahat ng mga Cananeo na naninirahan sa lupaing minana nila (Josue 16:10; 17:12-13). Dahil dito walang hinto ang pagdurusa nila. Sa tuwing nanghihina ang Israel, umaatake ang mga Hentil.

Pero ang mas malaking problema ay tinularan ng Israel ang kultura ng mga Hentil. Ipinagbawal ito ng Diyos, gumawa sila ng mga kasalanan na kinapootan Niya. Paulit-ulit nilang dinala sa kanila ang kahirapan dahil hindi nila sinunod ang utos ng Diyos, hindi sila nanampalataya ng lubos.

### 3. Ang minana ni Josue at ng mga Levita

Natanggap na ng lahat ng tribo ang mga lupain sa kanluran at silangan ng Jordan bilang pamana, maliban kay Josue at sa mga Levita.

Kahit makapangyarihang lingkod ng Diyos at lider ng buong Israel si Josue, siya ang huling tumanggap ng pamana. Ang pamanang tinanggap niya ay malapit sa Timnathsera sa maburol na bansa ng Efraim. Napabayaan na ito, kailangan pa niyang itayong muli ang lunsod.

Makikita natin dito na mabuting tao si Josue. Matapang siya at matatag ang pananampalataya niya. Karapat-dapat siyang paglingkuran. Pero siya ang naglingkod, inisip muna niya ang ibang tao. Kaya pinahalagahan siya ng Diyos, siya ang ipinalit kay Moises.

Pagkatapos tanggapin ng mga tribo ang pamana sa kanila, humarap ang mga Levita kay Josue para sa kanilang bahagi. Hindi sila tumanggap ng kahit na anong lupain bilang pamana, naiba sila sa ibang tribo.

Mababasa sa Mga Bilang 18:20, "Sinabi ng PANGINOON kay Aaron, 'Hindi ka magkakaroon ng mana sa kanilang lupain, ni magkakaroon ng anumang bahagi sa gitna nila. Ako ang iyong bahagi at ang iyong mana sa gitna ng mga anak ni Israel.'" Niloob ng Diyos na ikabuhay nila ang mga ikapu at ang iba't ibang handog na ibinigay ng mga mamamayan para sa Kanya.

Tungkulin ng mga Levita ang maghandog ng mga sakripisyo sa Diyos at mag-alaga ng tabernakulo ng PANGINOON. Tungkulin din nila na ituro ang mga tuntunin at ang Kautusan ng Diyos sa mga mamamayan (Deuteronomio 33:10). Ang Diyos mismo ang pamanang tinanggap nila para hindi nila bahiran ang mga puso nila ng makamundong mga bagay. Dapat silang tumuon sa paglilingkod sa Diyos.

Kahit hindi sila nagmana ng lupain, tumanggap naman sila ng iba't ibang lunsod na pwede nilang tirahan, at pwede nilang gamitin ang mga bukid para pakainin ang kanilang bakahan. Ang mga lunsod na tinanggap nila ay mula sa bawat isang tribo ng Israel, kaya kasama nilang maninirahan ang lahat ng tribo. Mayroon lunsod ang mga Levita sa bawat isang lupaing ipinamana. Ibig sabihin, pwedeng makinig sa Salita ng Diyos at matuto mula sa mga Levita na malapit sa kanila ang mga tribo. Inayos ito ng Diyos para sa bansang Israel para manatili silang malapit sa mga utos ng Diyos sa lahat ng oras.

Nais ng Diyos na maging malapit sa Kanya ang mga mananampalataya magpahanggang ngayon. Ibig sabihin, gusto Niyang magnilay at manahan tayo sa Salita Niya sa araw at gabi, sumamba at manalangin sa iglesya, at magkaroon ng mabuting pakikisama sa ibang mga mananampalataya. Mananatili ding malapit sa atin ang Diyos at papasaganahin Niya ang mga kaluluwa natin, magiging mabuti ang lahat ng bagay para sa atin.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang ating Diyos ay Diyos ng lahat ng mamamayan ng lahat ng bansa. Kung maniniwala sila sa Kanya, ipapakita Niya ngayon ang kapangyarihang ipinakita Niya noon. Kahit harapin pa ninyo ang mga problema, tulad ng karwaheng bakal, nakikiusap ako sa inyo na magpakita kayo ng pananampalataya sa bawat sandali. Maging matapang kayo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na anihin nawa ninyo ang bunga ng pagpapala sa pamamagitan nito.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Nakatingin ang Diyos sa Puso

Sa pangalawang bahagi ng 1 Samuel 16:7, sinasabi ng Diyos ng pag-ibig, "…Sapagkat hindi tumitingin ang PANGINOON na gaya ng pagtingin ng tao. Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang PANGINOON ay tumitingin sa puso."

Nakatingin ang Diyos sa puso ng tao dahil ang ugali, pananalita, at pagkilos niya ay nagmumula sa kanyang puso o sa kanyang kalooban. Ang puso ng karamihang tao ay may kabutihan at kasamaan kaya nagbabago ito. Gayon pa man, iba ang 'kalooban o kaibuturan ng puso'. Hindi ito nagbabago ano man ang mangyari. Kung kikilos tayo ayon sa kaloobang ito, makukuha natin ang pagtitiwala ng Diyos at ng ibang tao.

## Ano ang 'kaibuturan ng puso'?

Ang 'kaibuturan ng puso' ay maipapaliwanag sa simpleng paraan bilang 'ang pusong nabuo sa panahon'. Ito ang pinagmumulan ng lakas na nangingibabaw sa puso natin. May mga bahagi ito na minana natin mula sa ating mga magulang. Pero nabubuo din ang kaibuturan ng puso ayon sa mga bagay na tinanggap natin at itinanim dito habang nabubuhay tayo.

Halimbawa, kung minamahal ninyo ang Diyos sa kaibuturan ng puso ninyo palagi ninyong susundin ang mga utos Niya, hindi na kayo magdadalawang isip sa pagpili ng kalooban Niya. Kung binuo ng katotohanan ang kaibuturan ng puso ninyo, hindi kayo magsisinungaling kahit mawalan o matalo kayo. Pero nagsisinungaling din ang mga taong hindi bihasang magsinungaling kapag nalagay sila sa matindi at desperadong situwasyon. Ito ay sapagkat ang kaibuturan ng puso nila ay hindi ganap na binuo sa katotohanan.

Ang pamumuhay ng isang tao ay makikilala sa kung gaano kabuti at katuwid ang kaibuturan ng puso niya. May mga taong parang may mabuting kalooban, pero hindi niya ginagawa ang pinagdesisyunan niyang gawin. Hindi nakikita ang mabuting kalooban sa ibang tao pero nagagawa at natatapos nila kung anong binalak nilang gawin, walang pagbabago.

Kaya, palakasin at buuin ninyo ang tapat at perpektong kalooban. Iwaksi ninyo mula sa puso ninyo ang kahit na anong bagay na lumalabag sa katotohanan. Taniman ninyo ng katotohanan ang puso ninyo.

## Ano ang dapat nating gawin para masunod ang kalooban ng Diyos mula sa perpektong kaibuturan ng puso?

### Una, dapat kayong magalak palagi mula sa kaibuturan ng puso

Ang pinagmumulan ng pinakamalaking kagalakan ng mga anak ng Diyos ay ang pagiging ligtas. Nakatakdang magdusa sa Impiyerno ang buong sangkatauhan. Pero, dahil sa pagpapala ng mahalagang dugo ni Jesu-Cristo, ang lahat ng kasalanan nila ay mapapatawad, magkakaroon sila ng buhay na walang hanggan, magiging mga anak ng makapangyarihang Diyos, at magiging karapat-dapat manirahan sa magandang Langit. Kaya ang mga taong mayroong kagalakan ng kaligtasan sa kaibuturan ng puso ay hindi mawawalan ng kagalakan, kahit ano pang pagsubok ang harapin nila dito sa mundo.

Kapag iniukit ninyo sa puso ninyo ang galak na nadadama ninyo bilang mga anak ng Diyos, mabubuo ito sa kaibuturan ng inyong puso. Pwede ninyong gawin ito sa pagpapahayag ng, "Ang Diyos ay aking Ama, at ako ay anak Niya. Anuman ang hilingin ko sa Kanya sa panalangin, ibibigay Niya sa akin. Dinadala Niya ako sa mabuting daan dahil mahal Niya ako." Kung mabubuo ang saloobing ito sa puso ng isang tao, magtitiwala siya kahit mabagal ang pagsagot sa panalangin niya. Sasabihin niya, 'Ibibigay ito sa akin ng Diyos sa pinakamabuting panahon', at pwede siyang magalak. Ang mga taong tulad nito ay may kagalakan sa kaibuturan ng puso nila kahit ano pa ang mangyari. Nagagalak sila sa lahat ng bagay.

### Pangalawa, dapat magpasalamat sa lahat ng bagay mula sa kaibuturan ng puso

Inihahanda ng Diyos ang Langit nang may pinakamahusay at pinakamagagandang materyales para sa mga anak Niya na kasalukuyang pinapangalagaan dito sa mundo para magkaroon sila ng walang hanggang kasiyahan. Kaya kahit humarap sila sa mga kahirapan ng buhay dito sa mundo, hindi sila tutuon dito kundi aasa sila sa buhay na walang hanggan sa Langit. Ito ang paraan ng pagpapasalamat sa kaibuturan ng puso. Mababasa sa Mga Hebreo 6:19, "Taglay natin ito bilang isang tiyak at matibay na angkla ng kaluluwa, isang pag-asa na pumapasok sa loob ng santuwaryo, sa kabila ng tabing."

Magpasalamat tayo hindi lang kung tinanggap natin ang sagot at mga biyaya ng Diyos, kundi sa lahat ng bagay. Magpasalamat tayo dahil mayroon tayong Diyos Ama, pwede tayong magtiwala at umasa sa Kanya. Mahal Niya tayo at bibigyan Niya tayo ng kaginhawahan. Kapag nagpasalamat tayo sa Kanya para sa pagpapala at pag-ibig Niya, maaantig ang damdamin Niya at tatanggapin Niya ang puso natin nang may kagalakan.

Samakatwid, ang mga nag-aayuno at nananalangin para magpabago bilang mga tunay na anak ng Diyos at mayroong ganitong klaseng pagpapasalamat ay makakaranas ng kamangha-manghang mga kasagutan at mga biyaya.

### Panghuli, dapat kayong manalangin nang walang hinto mula sa kaibuturan ng puso

Kung naniniwala kayo na nakatingin sa inyo ang Diyos at nakikinig sa mga sinasabi ninyo habang nananalangin kayo, makakapanalangin kayo mula sa kaibuturan ng puso ninyo (2 Mga Cronica 7:15; Mateo 18:20). Magpapasalamat muna kayo sa pagpapala ng Diyos at idadalangin ninyo ang kaharian Niya. Habang nananalangin kayo ayon sa patnubay ng Banal na Espiritu, mauunawaan ninyo ang kalaliman ng puso ng Diyos.

Kung nadadama ninyo ang katapatan ng isang tao kapag humingi siya ng tulong sa inyo, mauunawaan ninyo ito, tutulungan ninyo siya. Ang Diyos ay Siya mismo ang pag-ibig, nais Niyang ibigay ang lahat sa mga anak Niya. Kaya habang nananalangin tayo mula sa kaibuturan ng ating puso at maalab na humihiling nang may pananampalataya, sasagutin Niya tayo (Jeremias 33:3).

Kung naniniwala kayo na walang imposible dahil sa kapangyarihan ng Diyos at nananalangin kayo ayon sa pananampalatayang ito, malulugod ang Diyos sa inyo, agad Niyang sasagutin at pagpapalain kayo.

Ang kabanalan at katapatan mula sa perpektong kaibuturan ng puso ay hindi magbabago kahit lumipas ang panahon, mas magiging dalisay ito at maalab. Gawin natin ang lahat ng bagay nang may pag-ibig na nagmumula sa kaibuturan ng ating puso. Umasa tayo sa Langit para tanggapin ang kasagutan at pagpapala ng Diyos.

# "Nabasag ang Isang Buto sa Gulugod Ko, pero Nakapaglakad at Nakatalon Ako Pagkatapos Idalangin"

**Kapatid Jacob Otieno Ojwang, 26 taong gulang, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya**






Basag ang pangalawang buto sa gulugod, iniipit nito ang mga ugat. Pagkatapos ng panalangin, nakagalaw siya ng normal.

Noong Agosto 2009, isinama ako ni Pastor William Wanyama sa Nairobi Manmin Holiness Church. Namimigay siya noon ng *Balitang Manmin* sa daan. Nagsulong ako ng masigasig na buhay bilang isang Cristiano at noong Abril 2014, naging manggagawa ako ng iglesya, buong araw ang paglilingkod ko. Malaking biyaya ito para sa akin.

Noong Marso 23, 2015, nagtrabaho ako sa bubong ng isang estruktura na may taas na apat na metro. Ililipat doon ang lokal na santuwaryo ng Ongata Rongai. Pero biglang may nabaling kahoy sa estruktura, bumagsak ako sa lupa. Nakaramdam ako ng matinding sakit sa likod ko, hindi ako makagalaw, ni hindi ako makahinga.

Tinulungan ako ng mga trabahador na nakapaligid sa akin para tanggapin ang panalangin ni Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit. Isinugod nila ako sa ospital. Nakita sa x-ray na may nabasag na buto sa gulugod ko. Sinabi nila na kailangan akong maoperahan. Pero gusto kong gumaling sa pamamagitan ng pananampalataya.

Marami na akong nakitang mga taong gumaling mula sa mga karamdaman nang tanggapin nila ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee na lumalampas sa lugar at panahon o ang panalangin ni Bishop Dr. Myeongho Cheong na may panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nakita kong gumaling sila sa mga karamdaman nang walang operasyon at walang negatibong resulta.

Kinabukasan, Marso 24, tinanggap ko ang panalanging may panyo ni Bishop Dr. Cheong. Bumalik ang pakiramdam sa paralisado kong mga binti at likuran. Sinuri ako ng doktor, sinabi niyang hindi ko na kailangan ang operasyon, pero pinagsuot ako ng sinturon na susuporta sa likuran ko.

Idinalangin ako ni Dr. Cheong at sinabi niya na pagnilayan ko ang naging buhay ko bilang Cristiano. Natanto ko na hindi dahil sa pagmamahal para sa Diyos ang ginagawa kong paglilingkod para sa kaharian Niya kundi dahil sa obligasyon. Kung minsan, nagrereklamo ako sa trabaho. Pinagsisihan ko ito. Pagkatapos ng panalangin niya para sa akin, nawala na ang pananakit na nararamdaman ko, naigalaw ko ang mga binti ko.

Noong Marso 31, dahil sa pananampalataya, nakalabas na ako ng ospital. Kinabukasan, bumisita sa bahay ko si Dr. Cheong, tinanggap kong muli ang panalangin niya. Biniyayaan ako ng kalakasan. Nakaupo ako sa kama, nakatayo, at nakapaglakad nang walang tulong! Mabilis ang paggaling ko magmula noon. Noong Abril 23, nakabalik ako sa trabaho. Hallelujah!

Noong Mayo 22, nagpunta ako sa Kenyatta National Hospital para sumailalim sa puspusang pagsusuri. Nabigla ang doktor nang makita niya akong lumalakad ng maayos at walang pananakit. Naging malusog din ang pangangatawan ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos ng pag-ibig, kay Punong Pastor at kay Dr. Cheong na nanalangin para sa akin.

# "Masaya Ako na Matutuhan at Isabuhay ang Kabutihan ng Diyos"

**Punong Diakonesa Youngjin Lee, 57 taong gulang, Parokya 14, South Korea**

Dumadalo na ako sa iglesya magmula noong bata pa ako. Pagkatapos ng kasal ko noong taong 1983, nagsulong ako ng buhay Cristianong puspos ng Espiritu. Naglingkod ako bilang lider ng maliit na grupo (cell group) at mula sa 5 miyembro, naging 30 ang mga miyembro ko. Pero mayroon akong problema, hindi ko kasundo ang biyenan ko.

Noong panahong iyon, hindi pa natanggap ng asawa ko ang kabayaran sa perang inutang sa kanya ng kapatid niyang lalaki. Nakipagkasundo din siya na tutulungan niyang magbayad ang kapatid niya, pero nalugi ang negosyo niya. Nagkataon naman, sinabi ng biyenan ko na lilipat siya sa bahay ng bunsong anak niya at doon maninirahan habang nabubuhay siya. Dati siyang nanirahan sa probinsya at asawa ko ang bunsong anak niya.

Iminungkahi ko sa kanya na sa susunod na taon na siya lumipat para mapaglingkuran namin siya dahil hirap kami sa pera sa kasalukuyan. Hindi siya nakinig, ipinilit niya na lilipat na siya agad. Hindi ko siya maintindihan. Kinuha din ng bayaw ko ang pamana ng biyenan ko sa asawa ko, wala siyang nagawa.Nalungkot ako, hindi ako mapalagay sa kanya. Nag-ayuno ako at nanalangin para mawala ang galit ko, pero hindi ko ito maiwaksi. Hindi nalutas ang problema.

Samantala, nagkataong nabasa ko ang librong talaan ng mga patotoo ni Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church na *Tasting Eternal Life before Death*. Pinakinggan ko rin ang naka-record na mga sermon niya na may titulong "The Message of the Cross". Pinatunayan dito na siya ang tunay na pastol na ilang taon ko nang gustong makilala.

Noong Hulyo 1997, masaya akong nagparehistro sa Manmin Central Church. Natanto ko ang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon habang nakikinig sa Salita ng Buhay. Habang lumilipas ang panahon, naiwaksi ko ang galit ko sa biyenan ko. Pagkalipas ng dalawang taon, nagkaroon siya ng sakit sa pagkalimot (Alzheimer's disease). Hindi siya makapunta sa banyo nang nag-iisa kaya tinutulungan ko siya. Nagsikap akong maging mabuting manugang na gumagawa ng tungkulin. Naging maganda ang tingin ko sa biyenan ko, nagpapasalamat ako dahil sa pagkakataong maglingkod sa kanya.

Noong taong 2002, pumanaw siya. Naantig ang damdamin ng pamilya ng asawa ko, sinabi nilang para anghel ako, nagpasalamat sila sa akin ng taos-puso. Pagkatapos noon, naging lider ako ng isang maliit na grupo, at naging lider ako ng distrito. Samantala, nakaranas ako ng kamangha-manghang kapangyarihan.

Noong taong 2005, nawalan ng malay dahil sa pagdurugo ng utak ang kapatid kong si Punong Diakonesa Youngshim Lee. Kamuntik na siyang mamatay. Biyernes noon, kaya dinala namin siya ng kapatid kong si Punong Diakonesa Youngkyung Lee sa Punong Pastor sakay ng ambulansya. Tinanggap namin ang panalangin niya, nagkamalay siya. Pagdating ng Linggo, tinanggap ulit niya ang panalangin ng Punong Pastor, naikilos niya ang mga braso at binti niya. Lubos niyang pinagsisihan ang mga kasalanan niya, tinanggap niyang muli ang panalangin. Pagkatapos, bumalik na siya sa normal. Magmula noon, naging napakalusog na niya at tapat ang paglilingkod bilang isang lider ng distrito. Hallelujah!

Magmula noong taong 2008, naglilingkod na ako bilang Bise Presidente ng samahan ng mga babaing lider ng distrito. Inisip kong tapat ang paglilingkod ko at nagsusulong ng masigasig na buhay bilang Cristiano. Noong taong 2011, natanto ko na mabagal ang paglago ng espiritu ko, nalaman ko ang dahilan. Akala ko mabuting tao ako, maraming nagsasabing mabait ako. Kaya hindi ko na pinagsikapang linisin ang puso ko. Dahil nalaman ko na mali ang inakala ko, sinimulan ko ang paglilinis ng puso ko, gusto kong magkaroon ng espirituwal na puso. Inako ko lahat ng pagkamali ko, sinikap kong mahalin ang mga miyembro ng distrito tulad ng pagmamahal ng Panginoon.

Noong Marso 2014, naging espirituwal na ang puso ko dahil sa pagpapala ng Diyos. Isinasaalangalang ko na ngayon ang kalagayan ng ibang tao, pinapatawad at minamahal ko na sila. Habang pinapayuhan ko ang mga miyembro at ibang lider ng distrito ayon sa gabay ng Banal na Espiritu, marami sa kanila ang nagkaroon ng solusyon sa kanilang mga problema.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na niloob na makilala ko ang tunay na pastol, na maunawaan ko ang kabutihan at pag-ibig ng Panginoon, at isabuhay ito.



Punong Diakonesa Youngjin Lee (kaliwa) at Punong Diakonesa Youngshim Lee (kanan), muntikan na siyang mamatay pero muling sumigla at napuspos ang buhay dahil sa panalangin ni Dr. Lee.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714